VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH

MGA BAKUNA SA TAGLAGAS AT TAGLAMIG NG 2023

BAKUNA	TUNGKOL SA BAKUNA	SINO ANG MAAARING MAKAKUHA NITO	BAKIT ITO KINUKUHA	KAILAN ITO KUKUNIN	SAAN ITO MAKUKUHA
BAKUNA LABAN SA TRANGKASO	Ang taunang bakuna sa trangkaso ay dinisenyo upang magprotekta laban sa 4 na virus ng trangkaso na ipinagpapalagay na pinakakaraniwan sa panahon ng trangkaso.	Ang lahat ng edad 6 na buwan o mas matanda.	Maaari nitong mabawasan ang panganib ng pagkakasakit sa trangkaso, pagkakaospital, at kamatayan. Para sa mga taong nagkaroon ng trangkaso, maaari nitong mabawasan ang malalang pagkakasakit.	Ang Setyembre at Oktubre ang pinakamainam na panahon para makuha ito, ngunit maaari pa rin itong magbigay ng proteksyon kung matanggap sa ibang pagkakataon at ang trangkaso ay nasa sirkulasyon pa rin.	Mga departamentong pangkalusugan, parmasya, at opisinang medikal. Maghanap ng lokasyon sa vaccinate.virginia.gov
BAKUNA LABAN SA COVID-19	Ang 2023–2024 na mga bakunang laban sa COVID-19 ay na-update upang i-target ang Omicron XBB.1.5 na variant at inaasahang magbibigay ng proteksyon laban sa iba pang mga variant ng Omicron.	Ang lahat ng edad 6 na buwan o mas matanda.	Ang pananatiling napapanahon sa mga bakuna sa COVID-19 ay nagpoprotekta laban sa matinding karamdaman, pagkakaospital, at pagkamatay mula sa COVID-19. Binabawasan din nito ang panganib ng Matagal na COVID.	Ang mga tao ay maaaring makakuha ng bakuna ngayon. Ang mga dati nang nabakunahan para sa COVID-19 ay maaaring tumanggap ng bakuna nang hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng kanilang huling dosis.	Mga departamentong pangkalusugan, parmasya, at opisinang medikal. Maghanap ng lokasyon sa vaccinate.virginia.gov
RSV NA BAKUNA PARA SA MAS MATATANDA	Ang bagong bakuna para sa mga matatanda na 60 taong gulang pataas upang maiwasan ang malubhang RSV.	Mga matatandang 60 taong gulang pataas na kinonsulta sa kanilang doktor.	Ang mga matatandang 60 taong gulang pataas at mga nasa hustong gulang na may matagalan o di gumagaling na kondisyong medikal ay nasa pinakamataas na panganib na magkaroon ng malubhang sakit, maospital, o mamatay mula sa RSV.	Ang Setyembre at Oktubre ang pinakamainam na panahon para makuha ito, ngunit maaari pa rin itong magbigay ng proteksyon kung matanggap sa ibang pagkakataon sa panahon ng RSV.	Mga departamentong pangkalusugan, parmasya, at opisinang medikal.
BAKUNA LABAN SA RSV PARA SA MGA BUNTIS	Isang bagong bakuna para sa mga buntis upang maprotektahan ang kanilang mga sanggol mula sa malubhang RSV sa unang 6 na buwan ng buhay.	Mga taong 32 hanggang 36 na linggong buntis.	Ang mga sanggol ay nasa pinakamataas na panganib para sa malubhang sakit na RSV sa kanilang unang taon ng buhay.	Sa panahon ng RSV na karaniwang mula Setyembre hanggang Enero.	Mga departamentong pangkalusugan, parmasya, at opisinang medikal.
RSV ANTIBODY NA IMUNISASYON PARA SA MGA SANGGOL	Isang bagong antibody na imunisasyon (hindi isang bakuna) upang protektahan ang mga sanggol mula sa malubhang RSV. Kinokopya ng imunisasayong ito ang kakayahan ng immune system na labanan ang RSV.	Lahat ng sanggol na may edad na 8 buwan o mas bata at mga batang may edad na 8 hanggang 19 na buwan na nasa mas mataas na panganib para sa malubhang sakit. Ang karamihan sa mga sanggol ay hindi kailangan ang imunisasyong ito kung ang magulang ay nakatanggap ng bakuna laban sa RSV habang nagbubuntis.	Ang mga sanggol ay nasa pinakamataas na panganib para sa malubhang sakit na RSV sa kanilang unang taon ng buhay.	Ang Setyembre at Oktubre ang pinakamainam na panahon para makuha ito, ngunit maaari pa rin itong magbigay ng proteksyon kung matanggap sa ibang pagkakataon sa panahon ng RSV.	Mga departamento ng kalusugan, parmasya, opisinang medikal, at mga ospital sa panganganak.

PARA SA HIGIT NA IMPORMASYON

Bisitahin ang: **https://www.vdh.virginia.gov/epidemiology/respiratory-diseases-in-virginia/**

Sa maraming kaso, ang mga bakunang ito ay maaaring ibigay nang sabay. Kung may mga katanungan ka tungkol sa anumang pagbabakuna/imunisasyon, makipag-usap sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan o isang parmasyutiko. Kung ikaw ay walang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan,hanapin ang iyong lokal na departamento ng kalusugan sa **vdh.virginia.gov/health-department-locator** at makipag-usap sa kanila.

Huling binago 09/2023